# EBOLA VIRUS




## ANO AT PAANO ITO NAKUKUHA?

- Ang Ebola ay sanhi ng isang virus.
- Sa kasalukuyan, wala pang bakunang natutuklasan at wala pa ring lunas para sugpuin ang nakamamatay na Ebola virus **– SUBALIT ang agarang pagsangguni sa mga Ebola Centres ay makakatulong upang mapataas ang posibilidad ng paggaling.**
- Nagdudulot ito ng malubhang karamdaman na may kaakibat na pagdurugo
- Ito ay lubos at mabilis na nakakahawa
- Umaabot sa siyamnapung porsiyento (90%) ng mga dinadapuan ng virus na ito ay mamamatay



## PAANO ITO KUMAKALAT?



- Ang mga may sakit na Ebola ay maaring ikalat ito sa ibang tao.
- Ang mga taong laging nakakasalamuha ng maysakit na Ebola ay mas may posibilidad na mahawa:
  - Miyembro ng pamilya
  - Mga manggagamot, nars at iba pang manggagawa sa ospital

Maging ang labi ng taong namatay bunsod ng Ebola virus ay maaari din makahawa.
IBAYONG PAG-IINGAT ANG KINAKAILANGAN
(Mag-ingat sa paglibing. Makabubuting lumayo)

- HUWAG hugasan, hipuin o halikan ang labi ng mga biktima ng Ebola virus
- Huwag maghugas ng kamay gamit ang tubig na pinaghugasan ng taong humawak sa labi ng may Ebola



# SINTOMAS NG EBOLA

Maaaring makaranas ng sintomas mula dalawa hanggang dalawampu't isang araw pagkatapos ma-expose sa taong maysakit o labi ng namatay sa ebola

### ANU-ANO ANG MGA MAAGANG SINTOMAS NG EBOLA?



LAGNAT



PAGDUWAL



SAKIT NG ULO



LABIS NA PANGHIHINA

### ANU-ANO ANG MGA HULING SINTOMAS NG EBOLA?



PAGSUSUKA
maaaring may kasamang dugo



PAGTATAE
maaaring may kasamang dugo




UBO
maaaring may kasamang dugo



PAGDURUGO
(MULA SA ILONG, BIBIG, BALAT)

## PAANO ITO MAIIWASAN?



- ANG EBOLA VIRUS AY MAAARING MAKUHA SA MGA TAONG NAG-POSITIBO SA EBOLA VIRUS O SA MGA NAMATAY NA BUNSOD NG SAKIT NA ITO.
- LAGING MAGHUGAS NG MGA KAMAY- Gumamit ng SABON (Kung walang panghugas ng kamay, gumamit ng alcohol gel)




- Huwag hahawakan ang isang taong nag-positibo sa Ebola virus lalo na ang mga sumusunod na body fluids nito: DUGO, SUKA, DUMI, IHI
- Ang EBOLA ay maaaring makuha din mula sa mga hayop gaya ng paniki. Huwag humawak o kumain ng karne ng mga hayop na nagmula sa kagubatan o mga paniki.

## MGA DAPAT GAWIN NG TAONG MAYSAKIT



- Tumawag at makipag-ugnayan sa pinakamalapit na pagamutan at ipagbigay-alam ang inyong kondisyon
- Pakinggan mabuti ang payo. Maaari kayong IPADALA sa isang ospital na espesyalista sa naturang sakit
- Makabubuting umiwas sa ibang tao upang maiwasan ang posibleng pagkalat ng virus.
- Makabubuting ingatan ang inyong suka at dumi.




**Bagama't wala pang lunas na natutuklasan para sugpuin ang nakamamatay na Ebola virus, ang AGARANG pagsangguni at paghahanap ng lunas sa mga Ebola Centres ay makakatulong upang mapataas ang posibilidad ng paggaling.**

Ang mga nakasaad na impormasyon dito ay tama at nabuo para sa layuning pang-edukasyon lamang. Hindi ito naglalayon na maging alternatibong pamamaraan upang maging propesyonal na payong medikal. Kung sakaling may mga katanungan o alinlangan ukol sa usaping ito, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa inyong mga manggagamot.

© 2014 AEA International Holdings Pte. Ltd. All rights reserved. Unauthorised copy or distribution prohibited.
29 August 2014 FILIPINO

International SOS™